

# **Pagbibigay ng Kaalaman Sa Pamamagitan ng Media**

Matututunan at matutukoy ng mga kalahok ang mga paraan kung paano magagamit ang iba't ibang uri ng media para mag-promote ng kaalaman tungkol sa isang isyu.

# **Paggamit ng Media Para sa Pagbabago**

## **Part One**

### **Sabihin sa Iyong Mga Estudyante**

Ang media ay isang pambihirang tool para sa pagbabahagi ng mga ideya sa iba. Para sa marami, ang mga digital na media platform ay ang kanilang paboritong paraan para ihatid ang kanilang mga mensahe. Halimbawa, si HolaSoyGerman ay gumagamit ng YouTube para magbahagi ng mga nakakatawang kuwento sa mga tao sa buong mundo at si Malala Yousafzai ay gumagamit ng Twitter para manindigan sa mga karapatan ng mga babae at kabataan.

Minsan, ang mga batang tagapagtaguyod ay gumagamit ng digital media para i-target ang mga partikular na problema. Halimbawa, si Amandla Stenberg ay isang batang aktres at aktibista na naglabas ng video noong 2015 tungkol sa kultura ng itim at paglalaan ng kultura para sa kanyang klase sa kasaysayan. Sa pamamagitan ng paglalabas ng video, gumanap siya bilang isang tagapagtaguyod at nagbigay ng kaalaman tungkol sa isyu na nagmamalasakit siya. Ang ibang tao ay mas gustong gumamit ng analog, hindi digital media na mga platform tulad ng TV, radyo o diyaryo para sabihin sa audience ang tungkol sa kanilang mga ideya.

Sa isang projection screen sa harap ng kwarto, ipakita ang isang halimbawang kamakailang video na naaalinsunod sa iyong / lokal / panlalawigang konteksto ng mga kalahok para higit pang ipakita kung paano maaaring gamitin ang media para pagyamanin ang kaalaman at pagtatanggol sa isang partikular na cause.

### **Sabihin sa Iyong Mga Estudyante**

Bilang mga tagataguyod para sa pagbabago, ang lahat ng uri ng media ay maaaring maging mga makapangyarihang tool para sa pagkamit ng ating mga layunin. Sa sumusunod na aktibidad, mae-explore mo ang ideyang ito sa pamamagitan ng paggawa ng isang mensahe at pagkalat nito sa iba't ibang uri ng media para maabot ang malawak na audience.

# Takdang Aralin

## Part One

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Maghanap ng halimbawa ng media (hal., isang video sa YouTube, post sa Facebook, isang litrato) na nagbibigay ng inspirasyon at maaaring isang magandang paraan para tumulong sa pagkalat ng mensahe tungkol sa isang cause na mahalaga sa iyo. Magkakaroon ka ng 15 minuto para mahanap ang nilalaman. Pagkatapos, ipapakita ng bawat kalahok sa grupo kung ano ang nakita nila at kung bakit sa tingin nila ito ay nagbibigay ng inspirasyon.

### Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Bigyan ng 15 minuto ang mga kalahok para maghanap ng halimbawa ng media na pinaniniwalaan nilang mabisang nagkakatat ng mensahe tungkol sa isang cause. Pagkatapos, maglaan ng 15 minuto at tanungin ang bawat kalahok na ilarawan nang maikli at/o ipakita ang media sa grupo, at pag-usapan kung bakit sa tingin nila ito ay nagbibigay ng inspirasyon.

Ang pangalawang bahagi ng takdang aralin na ito ay maaaring kumpletuhin sa kasalukuyan o pangalawang pagtitipon-tipon ng grupo, depende sa inilaang oras.

## Part Two

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ngayon ay nalaman at napag-usapan natin ang nagbibigay ng inspirasyon at mabisang halimbawa ng media para mag-promote ng isang cause, oras na para gumawa ka ng sarili mong media content tungkol sa isang cause na mahalaga sa iyo. Sa susunod na 20 minuto, isipin ang isang cause na mahalaga sa iyo at isulat ang iyong ideya para sa partikular na uri ng media para magbigay ng kaalaman tungkol sa cause. Maaaring kabilang dito ang:

1. Isang post na text para sabihin ang iyong cause at kung bakit dapat gumawa ng aksyon ang mga tao.
2. Ideya para sa isang larawan o graphic (o isang larawan/graphic mismo) para sabihin ang cause at kung paano makakatulong ang iba na suportahan ito.
3. Ideya para sa isang video para magbigay ng kaalaman at manghikayat ng aksyon sa cause.

Bilang karagdagan sa ideyang ito, pakisulat din ang:

1. Kahit dalawang posibleng paraan na maaari mong ikalat ang iyong mensahe sa media para dagdagan ang pagiging nakikita at ang kamalayan ng cause.

### **Pakikipag-ugnayan Ng Klase:**

Bigyan ng 20 minuto ang mga kalahok para isulat ang kanilang mga ideya. Pagkatapos, hilingin sa mga kalahok na ibahagi sa mas malaking grupo ang kanilang isinulat. Maglaan ng 15 minuto para sa talakayan.